



Maaari kang makatulong sa pag-iwas sa colorectal cancer.

You Can Help Prevent Colorectal Cancer – Tagalog

Kung ikaw ay nasa edad na 45 taon o mas matanda pa, dapat mong simulan ang pagpapa-screen para sa colorectal cancer (kanser sa bituka o labasan ng dumi).

Ang colorectal cancer ay isa sa mga nangungunang sanhi ng pagkamatay sa cancer sa mga kalalakihan at kababaihan, ngunit madalas itong maaaring maiwasan o matuklasan sa unang yugto, kapag ito ay maliit pa at maaaring mas madaling magamot, sa regular na screening.

Ang pag-iwas sa colorectal cancer o ang pagtuklas dito nang maaga ay hindi kailangang maging magastos. Mayroong mga simple, abot-kayang available na maiuuwi sa bahay na pagsusuri. Kausapin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung alin ang maaaring maging mabubuting opsyon para sa iyo. Anuman ang pagsusuring pipiliin mo, ang pinakamahalaga ay ang masurian.



Upang matuto pa, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa [cancer.org](https://www.cancer.org) o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.